

**TITLE:** Christ, The Ever-Living One! **Si Kristo, ang buhay magpakailanman!**

**TEXT:** Revelation 1: 17-18

**DATE:** April 17, 2022 [Resurrection Sunday]

**BIG IDEA:** Jesus Christ, being the Ever-Living One, assures us of His presence, His faithfulness, His authority, and our Christian hope. **Si Hesukristo, ang nag-iisang Diyos na buhay magpakailanman, ay nagbibigay sa atin ng katiyakan ng kanyang presensya at pag-asa.**

**INTRO:**

- “The truth of the resurrection gives life to every other area of gospel truth. The resurrection is the pivot on which all of Christianity turns and without which none of the other truths would much matter. Without the resurrection, Christianity would be so much wishful thinking, taking its place alongside all other human philosophy and religious speculation.” – John MacArthur

**Ang katotohanan ng muling pagkabuhay ay nagbibigay ng buhay sa iba pang bahagi ng ebanghelyo. Ang muling pagkabuhay ang iniikutan ng buong Kristiyanismo. Walang kabuluhan ang iba pang katotohanan kung wala ito. Magiging isang hangarin lang ang Kristiyanismo kagaya nang iba pang pilosopiya at haka haka ng ibang relihiyon.**

- *1 Cor. 15:14 says, “And if Christ has not been raised, our preaching is useless and so is your faith.”*
- *“When I saw him, I fell at his feet as if I were dead. But he laid his right hand on me and said, “Don’t be afraid! I am the First and the Last. <sup>18</sup> I am the living one. I died, but look—I am alive forever and ever! And I hold the keys of death and the grave.” [Revelation 1: 17-18, NLT]*

**BODY:**

- The book of Revelation is addressed to churches in Asia (Asia then was a reference to Western Turkey), where you’ll find churches established by Paul and his companions around 50 AD. The Christians in those churches faced circumstances not too different from the ones we face today. **Ang aklat ng Pahayag ay isinulat para sa mga iglesia sa Asia (Kanlurang Turkey) kung saan makikita ang mga iglesiang itinatag ni Pablo at ng kanyang mga kasama noong 50AD. Ang mga Kristiyano ng panahon na iyon ay humaharap sa mga sitwasyong hindi kakaiba sa hinaharap natin ngayon.**
- They suffered calamities like earthquakes and volcanic eruptions, which devastated the region; they went through severe persecution, war, civil unrest, and death under Roman emperors Nero and Domitian. These Christians have seen the world from bad to worse. **Sila ay nakaranas ng mga kalamidad gaya ng lindol at pagputok ng bulkan na sumira ng maraming lugar. Dumaan sila ng matinding pag-uusig, mga giyera, kaguluhan, at kamatayan sa ilalim ng mga pinunong Romano na sila Nero at Domitian. Nakita nila kung paano lalong naging magulo ang mundo.**
- The Book of Revelation is the Revelation of Jesus Christ because *it belongs to Him; he is the one doing the revealing.* It is also his Revelation because *He is the*

*object* revealed; Jesus is the person indicated by the book. And in these verses, Jesus told the message of resurrection. **Ang aklat ng Pahayag ang pahayag patungkol kay Hesukristo sapagkat ito ay pagmamay ari Nya. Si Hesus ang syang naghahayag. At ito ay kanyang pahayag sapagkat siya ang siyang nahahayag dito. At sa mga kataga dito, ipinahayag ni Hesus ang kanyang muling pagkabuhay.**

## **The Message Of Resurrection Is: [Ang Mensahe Ng Muling Pagkabuhay Ay:]**

### **I. The Assurance of God's Presence. [Ang Katiyakan Ng Presensiya Ng Diyos]**

*"When I saw him, I fell at his feet as if I were dead. But he laid his right hand on me..."*

[Rev. 1: 17a]

- God is there when we need Him. He shows up when the hell breaks loose or you're about to lose your mind. God is there when you're unsure if tomorrow will be any better than today. Remember, God is always there when we need Him most. **I came to declare this Resurrection Sunday that we are not in this alone, but God is with us.** **Ang Diyos ay nariyan kung kailan natin sya kailangan. Ipinakikita Nya ang kanyang sarili sa mga panahon ng kaguluhan. Nariyan sya sa mga panahon ng pag-aalinlangan natin. Tandaan mo na ang Diyos ay nariyan kapag kailangan natin siya. Narito ako upang sabihin ngayong Linggo ng Muling Pagkabuhay na tayo ay hindi nag-iisa, kasama natin ang Diyos.**
- God's nearness is meant to be our source of courage and strength. **Malapit ang Diyos at ito ang pinanggagalingan ng kalakasan at tapang natin.**
- *Encountering God's presence starts with having faith in what Scripture says.* **Ang pagdanas ng presensya ng Diyos ay nag-uumpisa sa pananampalataya sa sinasabi ng kasulatan.**
- Feeling God's nearness starts with trusting that He's next to you and wants you to know him. God doesn't force himself on us, but we must make space for Him today; trust in his word that *"He will not leave you or forsake you"* and encounter the nearness of your heavenly Father. **Ang pagkaranas sa kalapitan ng Diyos ay nagsisimula sa pagtitiwala na malapit sya sa iyo at nagnanais sya na kilalanin mo sya. Hindi nya ipagpipilitan ang sarili nya sa atin, ngunit kailangan natin na bigyan siya ng lugar ngayon, pagtiwalaan ang kanyang salita na 'hindi kita iiwan o pababayaan.'**

### **II. The Assurance of God's Faithfulness. [Ang Katiyakan Ng Katapatan Ng Diyos]**

*"Don't be afraid! I am the First and the Last. <sup>18</sup> I am the living one. I died, but look—I am alive forever and ever!"* [Rev. 1: 17b-18a]

- He's saying that amid your uncertainty, He's alive! **Sinasabi ni Hesus na sya ay buhay sa gitna ng ating mga alinlangan.**
- Jesus repeats the phrase 'I AM' three times, and that repetition is meant to remind you of something" That's not the first time you've seen the phrase 'I AM' in the Bible. **Inuulit ni Hesus ang katagang 'Ako ay Ako' ng tatlong beses, at ang pag-uulit na yan ang nagpapaalala sa atin ng isang bagay, na hindi ito ang unang pagkakataon na nakita natin ang katagang 'AKO ay AKO.'**

- Remember that 'I AM' is how God identifies himself in Exodus 3. So, when Jesus reiterates this phrase 'I Am,' He's reminding those Christians as we are reminded today that I am the same God whom you met back in Exodus. **Tandaan na ang AKO ay AKO ang paraan ng pagpapakilala ng Diyos sa Exodus 3. Kung kayat ng ulitin ito ni Hesus, pinapaalala niya sa atin na siya ang parehong Diyos na nakilala natin sa Exodus.**
- Jesus declares I'm that same, faithful God. I can say that God is the same yesterday, today, and forever. The same God that walked you through the fire, the same God that answered your prayer, the same God who made a way out of no way, that is our Risen Savior. He says I Am. **Ipinahayag ni Hesus na siya ang tapat na Diyos na iyon. Ang Diyos ay hindi nagbabago noon, ngayon, at magpakailanman. Ang parehong Diyos na sumama sa iyo sa gitna ng apoy, ang parehong Diyos na sumagot sa iyong panalangin, gumawa ng daan kung saan walang daan, ang Diyos na buhay. Sabi nya, Ako ay Ako.**
- Philippians 1:6, *"Being confident of this, that he who began a good work in you will carry it on to completion until the day of Christ Jesus."*
- God is wholly faithful to you. No matter what you do, he will be there for you. His faithfulness isn't dependent upon your works. All He requires is a willing heart to bring about the great fruit of the Spirit in your life. **Ang Diyos ay tapat, ano man ang gawin natin, karamay natin Siya. Ang kanyang katapatan ay hindi naka depende sa ating gawa. Ang tanging kailangan Niya ay isang umaayon na puso upang magbunga ang Espiritu sa buhay natin,**
- Hebrews 6:18. Every covenant He made is kept. Every promise or foretelling has or will come true. **Ang bawat kasunduan mula sa Kanya ay Kanyang gagawin. Ang bawat pangako niya ay mangyayari.**

### **III. The Assurance of God's Authority. [Ang Katiyakan Ng Awtoridad Ng Diyos]**

"And I hold the keys of death and the grave." [Rev. 1: 18b]

- That is a statement of divine authority. **Ito ay isang pahayag ng awtoridad galing sa Diyos.**
- There is but one God over the earth who reigns. He is our Lord and Savior, our Resurrected King Jesus Christ. Possessing the "keys of death" means that the risen Christ has control and authority over death. **Nag-iisa lamang ang Diyos na naghahari sa lupa. Siya ang ating Panginoon at Tagapagligtas, ang nabuhay na Haring Hesukristo. Hawak niya ang susi ng kamatayan, nangangahulugang may kapangyarihan siya sa kamatayan.**
- Authority alludes to Deity's right to command and enforce obedience. **Ang awtoridad ay nagpapakita ng karapatan na mag-utos at magpasunod ng isang Diyos.**
- Now, in thinking about the authority of Christ, perhaps it's helpful to consider two words. The first is the word '*dunamis*,' which the Bible translates as **power**. The second is the word '*exousia*,' which the Bible translates as an **authority**, and there is a difference. **Kapag naisip ang tungkol sa awtoridad ni Kristo, maaaring isipin ang dalawang salita: dunamis na nangangahulugang kapangyarihan, at exousia na nangangahulugang pagkakaroon ng awtoridad.**

- **Dunamis or power is the ability to do something. Exousía or authority is the right to do it.** And when we say Jesus had authority, we mean not just that He had power, but that He had the privilege. **Ang dunamis o kapangyarihan ay ang kakayahang gumawa ng isang bagay. Exousia o awtoridad ang karapatang gumawa nito. Hindi lang awtoridad ang mayroon si Hesus, mayroon din syang kapangyarihan at pribilehiyo.**
- The Apostle Paul declared that in the name of Jesus, every knee should bow, and every tongue confess that he is God to the glory of God the Father, there is but one who wields authority. **Ipinahayag ni Apostol Pablo na sa pangalan ni Hesus, ang bawat tuhod ay luluhod, ang bawat dila ay magsasabi na siya ay Diyos sa kaluwalhatian ng Diyos Ama. Iisa lamang ang may awtoridad.**

#### **IV. The Assurance of Christian Hope. [Ang Katiyakan Ng Pag-asa Ng Kristiyano]**

- “The great gift of Easter is hope – Christian hope which makes us have that confidence in God, in his ultimate triumph, and in his goodness and love, which nothing can shake.” – Basil Hume  
**Ang dakilang handog ng Muling Pagkabuhay ay pag-asa - isang mala Kristiyanong pag-asa na magbibigay ng ating kumpiyansa sa Diyos, sa kanyang tagumpay, sa kanyang kabutihan at pagmamahal, na walang anuman ang kayang magpatinag. - Basil Hume**
- *“I am the Living One; I was dead, and now look, I am alive forever and ever!”* [Rev. 1: 18a, NIV]
- This shout is over the word, ‘was.’ Jesus declared some things as ‘was,’ meaning they aren’t anymore. Somebody today, you’ve got some ‘was’ on your resume. I was \_\_\_\_\_. I was sick. I was about to lose my mind. I was heartbroken. I was laid off, but by the grace of God and the mercy of God, what was ain’t no more. God has put some ‘was’ in your testimony. God has taken some things that used to be and put them behind you. **May mga sinabi si Hesus sa nakaraan, kagaya ng iba ngayon, meron ding nakaraan sa buhay nila. Nawalan ng trabaho, ngunit sa biyaya at awa ng Diyos ay nabago na ang kasalukuyan. Tinanggal ng Diyos ang ilang bagay at inilagay sa nakaraan natin.**
- Now and then, what **is** becomes what **was**. **Ngayon at noon, ang ngayon ay naging kahapon.**
- Our Resurrected Jesus declared that now and then, God takes what ‘is’ and turns it into something that ‘was.’ **Ang muling nabuhay na si Hesus ay nagpahayag ng ngayon at noon. Kinuha ng Diyos ang ngayon mo at ginawang nakaraan mo.**
- This isn’t going to last forever: trouble and sorrow are not permanent. His declaration: I am He who was dead, **but** I’m alive forevermore. It’s not what it says. I am He that was dead, **and** I am alive forevermore. **Ito ay hindi magtatagal habang buhay. Ang paghihirap at kalungkutan ay hindi permanente. Ang pahayag nya: Ako ang dating namatay ngunit ngayon ay mabubuhay magpakailanman.**
- The word in Greek that is translated here is this conjunction called ‘*kai*,’ and in English, conjunctions are words used to connect statements. ‘Kai’ [kahee] can be translated as ‘but,’ or it can be translated as ‘and;’ which means Jesus could

have said, “I am he that was dead, but I’m alive,” or “I am he that was dead and I’m alive.” Ang salitang ito sa Griyego ay ‘kai’ na pwedeng mangahulugang ‘subalit’ at maaari ring mangahulugang ‘at’. Sa madaling salita, maaaring sabihin ni Hesus na: **Ako ay patay, pero ako ay buhay.**

- There’s a difference between ‘but’ and ‘and.’ The word ‘but’ usually contradicts; the word ‘but’ erases whatever came before it. **May pagkakaiba ang salitang ‘subalit’ at ‘at’. Ang salitang ‘subalit’ ay pagkontra sa katagang nauna dito.**
- “And” is different since it doesn’t erase. Instead, it simply adds. ‘But’ can erase what came, ‘and’ adds to it. **Ang ‘at’ ay iba dahil hindi nito kinontra ang katagang nauna dito. Ito ay nagdaragdag.**
- But there’s a beauty to the word ‘and.’ Now and then; we go through experiences that can’t be erased. I’m glad that we can say “and God.” **Ang kagandahan ng ‘at’ ay may mga karanasan tayong hindi maaaring burahin. Maaari nating sabihing ‘at ang Diyos’.**
- God doesn’t have to erase it; God doesn’t have to change it, but God can certainly add to it. We suffered and God brought us through. I lost a loved one, and God walked me through it. I was about to lose my mind, and God gave me joy. The doctor told me it was cancer, and God gave me strength. **Hindi kinakailangang burahin o baguhin ng Diyos ito ngunit pwede Nya itong dagdagan. Tayo ay naghirap at itinaguyod tayo ng Diyos. Nawalan ako ng mahal sa buhay, halos nasira ang ulo ko, nagkasakit ako, at itinaguyod Niya at pinalakas nya ako.**
- “Christian hope is a Spirit-given virtue enabling us to joyfully expect what God has promised through Jesus Christ.” – John Piper  
**Ang pag-asa ng Kristiyano ay galing sa Espiritu, nagbibigay ng kakayahang hintayin ang kaganapan ng pangako ni Hesus. - John Piper**
- The resurrection brings us much hope because, though our lives are full of sorrow and pain, sickness and unwanted diagnoses, death and betrayal, Jesus’ death brings us to hope amid the messiness of life. **Ang muling pagkabuhay ay nagdudulot ng pag-asa dahil kahit na marami tayong naranasang lungkot at pasakit, karamdaman, kamatayan, o kataksilan, ang kamatayan ni Hesus ang nagdadala sa atin ng pag-asa sa gitna ng lahat ng kaguluhang ito.**

## CHALLENGE: **HAMON**

- Jesus Christ, being the Ever-Living One, assures us of His presence, His Faithfulness, His authority, and our Christian hope. Life is not out of control. The First and the Last, the Alpha and the Omega, are still on the throne! **Si Hesukristo, bilang ang Diyos na buhay magpakailanman, ang nangagako ng kanyang presensiya, katapatan, awtoridad, at pag-asa. May patutunguhan ang buhay. Ang una at huli, ang Alpha at Omega, ay nakaupo pa rin sa trono!**
- “The One who calls us is faithful, and we should, in turn, be faithful to His call!” – Reggie Castaneda  
**Ang siyang tumawag sa atin ay tapat at tayo ay kailangang maging tapat sa kanyang panawagan.**

## DISCUSSION: TALAKAYAN

- What are the four assurances brought about by the resurrection of Jesus Christ that was revealed in this passage? **Ano ang apat na katiyakang dulot ng pagkabuhay muli ni Hesukristo na inihayag sa talatang ito?**
- Take your time discussing how each assurance will greatly benefit us in our Christian walk? **Maglaan ng panahon sa pagtalakay kung paanong ang bawat katiyakan ay lubhang makikinabang sa ating Kristiyanong paglalakad?**
- As a follower of Jesus Christ, what should be our response to His call? **Bilang isang tagasunod ni Hesukristo, ano ang dapat nating tugon sa Kanyang panawagan?**